

1

Tahimik na napamura uli si Ashley. Inip na inip na siya, na kung maaari lang ay siya na mismo ang magpaandar sa bus. Gusto na niyang makarating sa pupuntahan at nang makaharap na ang taong kailangan niya.

Sa paulit-ulit na pagre-rehearse niya ng dialogue, mas lalo siyang nalilito. At mas lalong nade-depress.

Makulimlim ang kalangitan tulad ng buhay niya ngayon, pero heto at nakasuot pa siya ng shades. Hindi niya suot iyon bilang panangga ng araw kundi para itago ang namamaga niyang mga mata. She'd been crying the whole night. No—she'd been crying since yesterday morning since she talked with her mom.

Nakita niya ang biglang pagbuhos ng ulan sa labas ng bus. Inisip niya kung minamalas ba siya at may bagyo pa. Hindi kasi siya updated sa mga balita dahil sa personal na mga bagay na mas pinagtutuunan niya ng pansin.

Umisod siya sa upuan nang maramdamang may tumayo sa kanyang tabi, intending to sit beside her.

The bus was already cramped, bakit ba hindi na lang iyon paandarin ng driver! Hindi kaagad umupo ang taong tumabi sa kanya kaya napilitan siyang tumingala.

The big man made the bus look smaller. Malaki ang pangangatawan nito at nakasuot pa ng makapal na jacket. Hindi ito tulad niya na nangangatog na ang mga tuhod sa ginaw. Nagdala nga siya ng jacket pero napakanipis naman niyon.

Hello, may nakapagsabi ba sa kanya na aakyat siya ng Baguio ngayon? Aba’y napaghandaan niya sana ang mga gamit na dadalhin kung nagkaganoon. Pero hindi—mula sa bahay niya sa Quezon City, nagtungo siya sa Batangas para kausapin ang mama niya. Matapos ang life-shattering revelation nito, nagpasya siyang kaagad na bumiyahe patungong Baguio. Ni hindi siya nag-abalang pumasok para personal na magpaalam sa kanyang upervisor sa pinagtatrabahuhan niyang call center.

Tuloy, ang lalaking ito na umupo na sa kanyang tabi ay pinagmumukha siyang tanga.

She stared at his jacket wishing she was wearing one. At dahil masikip ang ordinary bus, halos ipitin na siya nito sa upuan. She welcomed the warmth. Mabango naman iyong tao.

There was a very mild scent of cologne that she wasn't familiar with but it was pleasant to her nose.

Napasinghap siya, nakuha ang atensyon nito.

Muli niyang tiningala ang lalaki na ngayon ay nakatingin na rin sa kanya. Nakataas ang isang kilay nito.

Damn! The man was as handsome as sin!

She turned her head and shrunk to her seat.

Hindi niya mapaniwalaang napapansin pa niya ang paligid sa kabila ng sitwasyon niya! The man was handsome, all right. But he looked rough, hard and dangerous.

Not my type, paalala niya sa sarili. Ang tipo nga naman niya siyempre ay tulad ng fiancé niyang si Philip. Ang lalaki ay isa nang kapitan ng Army na graduate ng *PMA*, and whenever he was not in uniform, he always dressed properly.

Hindi katulad ng katabi niya; hindi niya napigilang mapasulyap muli sa lalaki at sa tattered jeans na suot nito.

Halatang pagod ito, kaya naman nang makapag-settle yata sa upuan ay kaagad nang ipinikit ang mga mata. Malaya tuloy niya itong napagmamasdan

ngayon.

He needs a haircut, anang kanyang isipan habang nakatingin siya sa shoulder-length nitong buhok. *And he needs to shave*. Mas magiging kaaya-aya ang hitsura nito kapag nakapag-ahit.

At para bang naramdaman nito ang kanyang pagmamasid, nagmulat ito at tumingin sa kanya.

Namula si Ashley at mabilis na nag-iwas ng paningin.

Antipatiko. Lihim siyang napairap.

Buti na lang talaga guwapo ito. At mabango.

Naramdaman niya ang pag-andar ng bus at napabuntong-hininga.

Finally.

She was on her way to hell.

Well, actually, hell started two days ago nang magtungo siya ng Batangas. Determinado siya nang sinabi niya sa ina ang kanyang plano. Her mom remarried seven years ago at tumira na ang mga ito sa Batangas kung saan may maliit na craft store ito. Alam niyang kapag sasabihin niya ang plano niya rito ay papayag naman ang mommy niya. Ibebenta niya

ang kanilang bahay para matulungan sa pag-aaral ang kapatid. At ang pinakasadya niya rito ay ang tanungin ang ginang tungkol sa papeles ng bahay dahil hindi niya ito mahanapan.

“Oh, Dear,” ang unang nasambit nito nang marinig ang kanyang sinabi at sinapo ang noo na komo’y biglang nilagnat.

“What?” kunot-noong tanong niya na nagulat talaga sa di-inaasahang reaksiyon nito.

“I knew this time would come. Ewan ba kung bakit pinaabot ko pa sa panahong ito. I should have told you years ago. No! He should have told you! But he didn’t have the guts to live long enough to tell you!” Parang wala sa sariling patuloy itong nagsalita.

Halos tumigil ang pag-inog ng mundo ni Ashley. By ‘he’, ibig sabihin ng mommy niya ay ang daddy niya na namatay sampung taon na ang nakalipas. She was seventeen years old at that time.

At kapag involved na ang kanyang ama sa usapan, alam niyang hindi na ito maganda.

She’d known her father as a drunkard, a gambler and a loser. Mabait na kung mabait, pero pagdating sa responsibilidad nito sa pamilya, iniasa iyong lahat kay Pauline, ang mommy niya.

Pauline married a rich man's son. But Hubert didn't stay rich or got richer. Nang sandaling mapasakamay nito ang kayamanan nang mamatay ang mga magulang nito, he started gambling it all away. Mabuti na lang at malaki ang kayamanan at kahit papaano ay may nagamit ang ginang sa pagpapaaral sa kanilang magkapatid. Nang mamatay ang daddy nila, ang tanging natitira sa kanila ay ang kanilang mala-mansyon na bahay sa Quezon City.

Nang talagang wala nang mahugot ang mommy nila, sinimulan nilang ipaupa ang ilang parte ng bahay at doon na sila namuhay. Nang makapagtapos siya sa kursong Mass Communications, nag-asawang muli si Pauline nang makilala si Arnold Chu. Hindi naman niya ito masisisi; matapos nga naman ang halos eighteen years ng kalbaryo sa piling ni Hubert, dapat lang na bigyan nito ang sarili ng pagkakataong maging masaya.

Naiwan siya at ang kapatid na si Julius sa kanilang bahay, at siya ang naging magulang ng kapatid. Ang unang trabahong pinasok niya ay ang pagiging disk jockey sa isang local radio station. Mabuti na lamang at biglang nagsulputan ang mga call centers, kaya siya lumipat at kumita nang mas maayos. Mula sa suweldo, tulong ng mommy niya, at nakokolektang upa ng bahay, nagawa nilang pagtapusin ng Medical

Technology si Julius. At ngayon, ang tanging pangarap nito ay maipagpatuloy ang pag-aaral upang maging doctor.

Ang tanging paraan para masuportahan niya ang kapatid sa pagpapatuloy sa Medisina ay sa pamamagitan ng pagbebenta ng bahay nila at ang loteng kinatitirikan nito. She'd already asked for an estimate at maaari niya itong ibenta sa halagang mahigit tatlong milyon. Sobra-sobra na iyon kung tutuusin. Handa siyang ipaubaya iyon para sa pag-aaral ng kapatid dahil nakikita niya at naniniwala siya sa dedikasyon nito.

After all, aanhin naman nila ang napakalaking bahay na iyon? Plano niyang ibangko ang pera at mangungupahan na lang sila sa isang simpleng apartment.

Everything was perfect.

Except her mom's reaction.

“Don't tell me, he lost that too. Oh no, hindi possible iyan! If he lost the house then we should have been evicted years ago,” ani Ashley, *hindi makapaniwala.*

“He did gamble it away.” Halos manginig pa ang boses ng mommy niya nang muling magsalita. *Obviously, she'd been dreading this moment for years.*

“How?” Halos hindi lumabas sa bibig niya ang katanungan.

“A year before he died, you were sixteen then. Nabaon siya sa utang at wala siyang natitirang pambayad. The only way was to sell the house para mabayaran iyong utang. But because the man he was indebted to has been his friend for years, binigyan nito ng konsiderasyon ang sitwasyon ng daddy mo. So they came to an agreement.” Humugot ito ng malalim na hininga at sandaling nag-isip kung ipagpapatuloy ba iyon. Then maybe she’d decided not to prolong the agony anymore.

Muli nga itong nagsalita. “Nakita mo na ang lalaking iyon sa mga okasyon sa bahay noon, pero siyempre bata ka pa at hindi mo sila binibigyan ng pansin. Ang pangalan niya’y Joaquin Mendoza. He liked you.”

Pauline saw the disgusted look on her face. Pinag-interesan siya ng amigo ng daddy niya? Gross!

“Not for himself. For his son.”

Umikot ang eyeballs ni Ashley. OA!

“So they came up with a betrothal agreement.”

“Oh no!” Hindi niya alam kung matatawa siya o

ano sa narinig, pero iyon kaagad ang naging reaksyon niya at tumayo. Tinapunan niya ng tingin ang kausap at parang inaakusahan ito ng pagsisinungaling. “Mommy, don’t say it! Don’t tell me na ipinagkasundo ako. That is so... funny! Sa pelikula lang nangyayari iyan! Don’t say it! Don’t say it! Don’t say it!” halos naghihisterikal na ang boses na sabi niya.

“But you are betrothed, Ashley, to a man named Revas Mendoza.”

She laughed out loud. “M-Mommy...” Halos hinahabol pa niya ang paghinga nang muling magsalita. “Sa mga napanood ko sa pelikula at nababasa sa pocketbooks, arranged marriage only happens between rich families or barbarians. We are not rich, and we are not barbarians!”

“Ashley, please calm down.” Nag-aalala na ang mommy niya sa pagtaas ng tinig niya, sa pagtawa niya na tanda ng denial.

“Calm down? Oh, my goodness, that’s so funny!” Nagpatuloy siya sa pagtawa hanggang sa namalayan niyang umiiyak na siya. “If he were alive I would shoot him!” puno ng galit na sabi niya na ang tinutukoy ay ang ama. “Hindi pa ba sapat lahat ng ginawa niya? We grew up without a father because he practically lived in casinos! At ngayon malalaman ko na bago siya

mamatay ay nagawa niya pa pala akong isugal!” Bigla ay natigil siya sa pagsasalita. “Wait, I’m overreacting.” Tumingin siya sa ina. “We are overreacting,” kumbinsi pa niya. “Kung usapan lang naman iyon sa pagitan nilang dalawa, then it’s not binding. Wala silang prueba. This doesn’t matter at all! Why did you have to tell me? Walang kinalaman ito sa sadya ko—”

“They had a written agreement, Anak. At hawak ni Joaquin Mendoza ang papeles ng bahay as a guarantee.”

Ashley smiled. Then she fainted.

At nang muli siyang magkamalay, her mom and stepdad were there for her.

Muli nilang pinag-aralan ang sitwasyon.

Ang tanging paraan niya ay ang puntahan si Mr. Mendoza at pakiusapan ito. Babawiin niya ang papeles ng bahay, ibebenta ito, babayaran ang utang ng daddy niya at sana ay may matitira pa para kay Julius.

It sounded so simple. But deep inside her, she knew it wouldn’t be so easy.

Napagtanto niya iyon the moment na marating niya ang bahay ni Joaquin Mendoza dito sa Baguio.

And found out that he died four months ago.

Ang option na natira sa kanya ay hanapin ang anak nitong si Revas Mendoza, her 'betrothed'. Hindi niya alam kung ano ang mas gusto niya, na alam na ni Revas ang tungkol sa kasunduan o iyong ipapaliwanag niya pa rito ang detalye.

Ayon sa kapatid ni Joaquin na si Rowena na siyang tumatao ngayon sa bahay ng nauna, Revas just left for their house in Atok, Benguet.

And she was on her way there right now.

Naging alerto siya nang mapansing papalapit ang konduktor.

“Kuya, sa Km. 52 po ako, may waiting shed daw. D'on daw po ako bababa.”

Tumango ito saka siya binigyan ng ticket.

“Huwag n'yo pong kalilimutan, ha. Baka kasi maligaw ako.”

Muli ay tumango lang ito at binalingan ang katabi niya.

“52,” narinig niyang sabi ng lalaki. Oh well, makakatabi niya pala ito hanggang makarating siya sa destinasyon.

Tumunog ang cellphone at napamura siya nang makitang ang supervisor niyang si Jimrey ang tumatawag.

“Where the hell are you? Pinahahalagahan mo pa ba ang trabaho mo? The interview for your promotion is tomorrow night, ngayon mo pa naisipang mag-AWOL? You’ve never been absent for the past three years except noong nagkaroon ka ng sore throat, why now?” Hinayaan niya ito sa paglitanya hanggang sa mapagod yata saka ito kumalma. “Okay, what happened?” Nanaig pa rin ang pagiging magkaibigan nila ng baklang boss.

“I just found out I am betrothed to a stranger and I’m on my way to break the betrothal,” pasimpleng sabi niya.

“You’re kidding, right?”

“Nope.”

“At paano naman nangyari ito?”

“Well, courtesy of my father.” Napabuntong-hininga siya.

“Alam na ba ni Philip?”

“Ang alam niya lang ay babawiin ko ang papeles ng bahay namin na ginamit na guarantee ng tatay ko

matapos matalo sa sugal. Hindi niya alam ang tungkol sa isa pang fiancé ko maliban sa kanya.”

“Are you okay?” paniniguro nito.

“Of course not, I want to throw up.”

“Okay, this is really bad but I have to go. Basta ang importante, makabiyahe ka mamayang gabi. Kaya pa nating ayusin ang dalawang araw na absent, pero utang-na-loob, it’s your interview tomorrow!”

Matapos ang magkakasunod na exams at training ay mai-interview siya bukas ng gabi para sa kanyang promotion.

“Alam mo namang hindi ko makakalimutan iyan,” aniya sa kausap sa kabilang linya.

“O siya, tatawagan uli kita mamaya.”

“No. Tatawagan na lang kita pag natapos na ang pag-uusap namin. Ayokong mag-ring ang phone while I’m in the middle of negotiation.”

“Poor Ashley.” Na-imagine niyang iiling-iling ito.

“You can say that again.”

“Poor Ashley,” ulit nga nito at pinatay ang tawag.

Pinigil niya ang muling mapaluha nang matapos

ang pakikipag-usap kay Jimrey. Sa halip ay ibinaling niya ang paningin sa labas ng bintana at sa nakikitang mga kabundukan.

Hindi niya napansing malayo na pala sila sa kabihasanan.

The man beside her shifted at muling bumalik dito ang kanyang atensyon. Naalala niyang pareho pala sila ng destinasyon. Humugot siya ng malalim na buntong-hininga saka naglakas-loob na umimik.

“Uhm... excuse me.” Nakuha niya kaagad ang atensyon nito. Binalingan siya ng lalaki; seryoso ang mukha nito. “N-narinig kong sa Km. 52 ka rin bababa.”

Tumango ito, halatang bored.

“Naisip ko lang, baka kilala mo iyong taong sadya ko doon. Magpapatulong sana ako.”

“Ano ba’ng apelyido?”

“Mendoza. Ang pangalan niya ay Revas Mendoza.”

Napakunot-noo ito, pagkuwan ay tumugon. “Kilala ko siya.”

Napausal siya ng pasasalamat.

“Ano’ng sadya mo sa kanya?”

“Personal matter.” Nagpilit siya ng ngiti. “Pakituro na lang sa akin kung saan siya nakatira.”

“Sure.”

“I’m Ashley. Ano nga pala’ng pangalan mo?”

Inayos nitong muli ang pagkakaupo bago dahan-dahang tumingin sa kanya. And in a casual voice he said, “Revas. Revas Mendoza.”

2

“You must be joking,” she accused.

“Then, bakit hindi ka tumawa?” Tinaasan siya nito ng kilay.

“Kung masamang tao ka na biglang nakakita ng magandang pagkakataon at ngayon ay nagbabalak ng masama sa akin, forget it. Mas malakas pa sa sigaw ni Tarzan ang sigaw ko,” matalim ang tinig na sabi niya. Ano ang akala nito sa kanya, idiot? Kung di ba naman kasi siya tanga na kaagad nagtitiwala sa isang estranghero.

“Ha-ha,” he mocked at kumilos ang isang kamay nito para abutin ang bulsa sa likuran. Ilang sandali lang ay iniaabot na nito ang isang ID sa kanya.

Ayaw niyang tingnan iyon. Pinanatili niya ang matigas na tingin sa mukha ng lalaki.

“What?” hamon nito.

Dahan-dahan niyang ibinaba ang paningin sa nakalahad na driver’s license na nagsasabing ang pangalan nga nito ay Revas Mendoza. The address was in Maryland, U.S.A.

American citizen ang fiancé niya? Bongga!

Sumandal siya sa upuan at ipinikit ang mga mata. Parang tumatataas yata ang presyon ng kanyang dugo.

“Satisfied?”

Satisfied? She was mortified! “Narinig mo ang conversation ko kanina sa phone,” deklara niya, hindi nagtatanong.

“Yeah. It was interesting especially when you said you are betrothed to a stranger and you’re on your way to break the betrothal. Mala-teleserye ang dating. But you shocked me to the bone nang sabihin mo sa akin ang pangalan ng taong sadya mo.”

“Buti nga sa ’yo.” Inirapan niya ito, “Eavesdropper,” akusa pa niya.

“What was I supposed to do nang tumunog ang phone mo? Cover my ears?”

Namilosopo pa ang kumag!

“You,” aniyang pinandilatan ito, “are so rude.” Sinabayan niya ng irap ang sinabi.

Hindi makapaniwalang napatawa ito nang pagak. “You know what?” anito pagkuwan. “Kung

ako ikaw, magpapakabait ako. The way I heard it, you need something from me.”

“That ‘something’ is rightfully mine.”

“We’ll see.”

“Bakit hindi tayo bumaba sa bus na ito at pag-usapan na ang dapat pag-usapan and I’ll make you ‘see’. Wala nang dahilan para lumayo pa tayo.”

“I don’t think *Halsema Highway* is the right place to discuss our betrothal.” He smiled sarcastically. Nainis siya; gusto niyang burahin ang ngiting iyon sa pamamagitan ng suntok.

“You find this funny?”

“Funny?” Hindi makapaniwalang tumingin ito sa kanya. “Of course not. I am thirty-two years old at malalaman kong ipinagkasundo ako without my knowledge? Of course I don’t find it funny! I find it annoying and gruesome!” he glared.

“Good.”

“Good?”

“We share the same feeling about this. I’m sure, mas magiging madali ang pag-uusap natin.”

“You really think so?”

Sinapo niya ang mukha, bumilang ng hanggang lima na sinabayan ng malalalim na paghinga, pagkuwan ay iniangat ang paningin saka ngumiti bago binalingan ang lalaki.

“Okay, let’s start over. Hi, ako si Ashley. It is amazing to learn who you are dahil alam mo, I just found out the most shocking truth about my life. It appears na ang magaling kong tatay ay ipinagkasundo ako sa tatay mo ten years ago. It seems you had no idea about this too, and I truly understand how you must be feeling. Anyway, since matatanda naman na tayo, maaari natin itong pag-usapan nang maayos. And I propose that we get off this bus at tapusin na ang kalokohang ito,” tuloy-tuloy na sabi niya na may kasamang ngiti.

“How about you let me go home in time because Mildred is waiting for me. At kapag nasiguro kong okay na siya, we’ll both sit down for a cup of coffee and you can tell me all the interesting details about this betrothal.”

“I hope Mildred is your wife, that means there is no betrothal at ibabalik mo na lang sa akin ang papeles ng lupa’t bahay namin.” She smiled sweetly.

“Mildred is my father’s fish.”

“How sad.” She glared at him.

He glared back. “Hey.” Nawawala na sa control ang boses nito na maigi nga para sa kanya sapagkat napapagod na siya sa pasimpleng pagtrato nito sa sitwasyon. “Mas masuwerte ka dahil nang malaman mo ang tungkol sa bagay na ito, I’m sure you were in a better venue while I’m in an overloaded bus, for goodness’ sake!” Nangalit pa ang mga ngipin nito. “I’m helplessly sitting down in this bus while you are telling me that my fate has been decided for me by my meddling father. Akala mo ba hindi ko gustong lumabas dito at sumigaw?”

She shrunk to her chair and nibbled her lower lip, wanting to cry once again. He was right. Kung siya ay nahilo pa noon nang dahil dito, aba’y hindi nga naman madaling marinig ang kanyang mga sinabi. Lugi ang lalaki dahil nasa isang lugar ito na hindi maaaring makapag-express sa tamang paraan. Like, go berserk.

Napabuntong-hininga siya at tumingin sa labas ng bintana. Lumakas ang buhos ng ulan. Lalong gumiginaw. Pati panahon yata nakikiayon sa nararamdaman niya.

“I’m so sorry,” aniya pagkuwan sa mahinang boses. Hindi ito sumagot. “This situation sucks.” Hindi

pa rin ito umimik. “Pareho lamang tayong biktima sa sitwasyong ito. You’re right, sa isang komportableng ambiance natin dapat pag-usapan ito. I hope, walang magagalit kung sasama ako sa bahay mo.”

Narinig niya ang paghugot nito ng malalim na buntong-hininga. Dahan-dahan niyang nilingon si Revas. Nakapikit ang mga mata nito.

Hindi niya naiwasang makaramdam pa ng awa.

Bumaba sila sa isang lugar na hindi matao. Right. Hindi matao. At wala rin siyang nakikitang bahay sa malapit. Mayroong mangilan-ngilan sa ilang bahagi ng bundok, pero malalayo ang mga ito sa kanila.

So, ang tanging comfort na nakikita ni Ashley ay ang waiting shed na kanilang sinisilungan ngayon. Sa ibabang bahagi ng kalsada ay makikita ang nakahilerang taniman ng kung anong klaseng tanim.

“Patatas.”

Gulat na napalingon siya kay Revas na hayun at may inilalabas na damit sa malaking backpack nito.

“You were going to ask me kung ano ang mga iyan. Patatas po.”

“Thanks,” tanging nasabi niya na lang. Tama nga naman ang lalaki, magtatanong na talaga siya nang magsalita ito.

Iniabot nito sa kanya ang isa pang jacket na galing sa backpack. “Suutin mo ito, kahit papaano’y may panlaban ka sa ulan.”

“Huwag mong sabihing susuong tayo sa ulan? At s’an ba kasi ang bahay mo?”

“Somewhere up there.” Inayos nito ang pagkakasuot ng bag. “Simulan na nating maglakad kesa maghintay na tumila ang ulan o maghintay ng genie na magbibigay sa atin ng payong. Lalo lang tayong giginawin dito.” At walang sabi-sabing sumuong nga sa ulan ang kanyang kasama.

She stared after him, gaping. Naramdaman yata ng lalaki ang hindi niya pagsunod.

“Come on!” nababanas na ang boses na tawag nito.

Dali-dali niyang isinuot ang malaking jacket na hayun at nilalamon siya. In fairness, mabango rin. Hindi niya napigilang mapangiti sa sarili at sumunod na.

“This is the most stupid thing I’ve ever agreed

on doing,” humihingal na sabi niya makaraan ang ilang minuto nang malayu-layo na ang inaakyat nila. “Huwag mo akong sisihin kung magpapagulung-gulong ako pabalik ng highway.” Hindi niya malaman kung ngumiti man lang ito sa tangkang pagpapatawa niya. At paano kaya niya malalaman kung gayong medyo malayu-layo na ito sa kanya. “Malayo pa ba?” sigaw na tanong niya.

“Sa likod lang ng mga puno.”

Ang tinutukoy nito ay ang mga pine trees na twenty meters away pa yata.

Lang?

Ano ang akala nito sa kanya? Adventurer? Mountain climber? Kaya nga siya nakatira sa kabihasanan para may escalator at elevator as another option sa mga katulad niyang tamad umakyat!

Anong parusa ba naman itong pinagdadaanan niya? All because her father loved gambling too much.

She saw it then, the sight of a log cabin behind the trees. Kulang na lang ay snow at aakalaing nasa Amerika siya tulad ng nakikita niya sa mga pelikula.

Nakaramdam man ng paghanga sa lugar, nanaig

naman ang pagod na kanyang nararamdaman. Nasa balkonahe na ang lalaki at ibinababa ang bag, tinanggal ang basang jacket, ang medyo basang t-shirt at—diyata't may balak itong doon sa balkonahe magbihis.

“Excuse me!” tawag pansin niya bago ito tuluyang mag-ala-Adan sa kanyang harapan.

Gulat na napatingin ito sa kanya at napakunot-noo. Realization hit Ashley. He forgot about her!

Umikot ang mga eyeballs nito at itinigil ang tangkang pagtanggap ng pantalon.

“Ugali mo bang sa balkon nagbibihis?” aniya na ibinagsak ang bag sa tabi nito. “I can see wala kang kapitbahay pero hello, paano na lang pag may naligaw na tao diyan?”

“Take off your clothes.”

Nasapo niya ang dibdib at nanlalaki ang mga matang tumingin dito.

“Believe me, kung hindi natin ililigo ito, magkakasakit lang tayo lalo. May hot spring sa likod.” Tumalikod na ito.

Noon lang siya nakahinga nang maayos. She was so scared!

At ngayon lang pumasok sa isipan kung gaano siya katanga. Imagine na lang ang lakas ng loob niyang hanapin ang isang estranghero para makipag-negotiate. Ni wala siyang idea sa pagkatao ng Revas Mendoza na ito! And she willingly went with him... sa napakaliblib na lugar na ito. Naiinis na napailing na lamang siya.

It's too late for that, gaga! aniya sa isipan. 'Andito ka na at hindi ka na makakaatras. Do as he says at nang makapag-usap na kayo mamaya at nang matapos na ito.

Do as he says? Maligo sa—what did he say? Hot spring?

Parang eight years old na na-excite bigla ang dalaga at halos patakpong sumunod sa likod.

Saka siya muling napatigil. Hindi kaya dinedenggoy lang siya ng lalaki? Hindi kaya may balon doon at balak siyang lunurin?

But there was a spring at the back, kaagad niya iyong nakita. Hindi iyon kalawakan pero sapat na paliguan ng siguro ay lima hanggang anim na mga tao. It looked more like a large jacuzzi, but this one is not man-made. Natural ang mga bato na pumapalibot sa tubig.

“Come on, hindi rin tayo puwedeng magbabad. Huwag kang mag-alala, the water is warm,” ani Revas na nasa tubig na. Sa tabi ay nakita niya ang pantalon nito.

Damn, he really took it off!

“I don’t believe you,” anang nangangatal ng dalaga dahil sa ginaw. Hindi nga naman siya makapaniwalang hot spring nga iyon.

He shrugged. “Suit yourself.” At lumusong itong muli. Umahon ang ulo nito pagkaraan ng ilang sandali. “Ang sarap ng tubig!” nang-iinggit na sabi nito.

Damned modesty.

Tinanggal niya ang sandals at basang jacket ng lalaki saka lumapit na rin.

“Halika na, mas lalo ka lang giniginaw diyan!”

She slowly touched the water with one foot and her face was filled with amazement.

The water was really warm despite the rain. Excited na lumusong na rin siya.

Hanggang balik na niya ang tubig habang kita naman ang dibdib ng binata.

“Oh, my gosh! How is this possible?” tuwang-tuwang sabi niya na parang batang naglalaro.

“Look at that.” Iminuwestra nito ang isang bahagi kung saan may dalawang umaagos na tubig na siyang pinanggagalingan ng naiipon sa pinaliliguan nila. “The other one is cold water and the other is hot. May alamat ang spring na ito.” Hindi ito tumingin sa kanya pero alam nitong nakuha ng sinabi nito ang kanyang atensyon. Hindi siya nagsalita, naghintay siyang magpatuloy ito.

“Ang mainit na tubig ay si Lattau, at ang malamig naman ay si Nava. Ang dalawa ay magkasintahan. Ang problema, ayon sa alamat, si Lattau ay nakatakdang ikasal sa isang dalagang naipagkasundo dito mula pagkabata, si Bona. Sa bisperas ng kasal nina Lattau at Bona ay nakipagtanan ang lalaki kay Nava at nakarating sila sa bundok na ito. Dito sila inabutan ng mga kapatid na lalaki ni Bona at pinatay ang dalawa.” He paused. She shuddered. “At mula sa umaagos nilang mga dugo ay pinaniniwalaang nagtipon ang mga ito at...” Nagkibit-balikat ito, “Ito na nga. The end.” Ngumiti si Revas.

Halos napanganga naman si Ashley. Hindi dahil sa kuwento nito—although she found it interesting—kundi dahil sa ngiti nito which she found... heart-

stopping. As in, kung guwapo ito nang unang makita niya, mas guwapo ito nang ngumiti.

Syet!

“Hey, kuwento lang iyon, huwag kang umiyak,” biro pa nito nang mapansin ang pananahimik niya.

“Of course,” aniyang pilit na ibinabalik ang control sa isipan.

“Anyway, mula noon ay pinaniniwalaang kapag naligo rito ang isang babae at isang lalaki, sila ay mabibiyayaan ng isang wagas na pag-iibigan.”

Magkakasya yata ang isang pingpong ball sa bibig ni Ashley sa laki ng pagkakanganga niya, ang kanyang mga mata ay kasing-bilog ng piso. “Oh, my God! Why didn’t you tell me?” At nagmamadali siyang lumayo para umahon sa tubig.

Tumatawang hinila nito ang kanyang kamay. “Hey, relax. Don’t tell me you believe that stuff? Gawa-gawa lang iyon ng mga tao.”

“Let me go! Just let me go!” halos patiling sabi niya at wala itong nagawa kundi ang bitiwang siya at sumunod.

Mayamaya pa’y nakarating na sila sa front door at hinintay niyang buksan iyon ng lalaki. Kaagad

silang pumasok sa loob ng log cabin. Noon lang niya napansing nakasuot lamang ito ng boxer shorts.

“Did your clothes survive the rain?” Ang tinutukoy nito ay ang overnight bag niya.

“Hindi ko alam.”

“Come here, you’d better get out of those wet clothes.” Nagpatiuna ito sa isang silid. Hindi na siya nag-alanganing sumunod. Nangangatal na naman siya at kailangang-kailangan na niyang magpalit.

Revas handed her a robe and a towel, kumuha ng bihisan at lumabas.

3

Bihis na siya nang lumabas ng silid. Noon lang niya nagawang ilibot ang paningin sa paligid. Maliit nga talaga ang bahay at iisa ang bedroom. Walang divider ang kusina at munting sala. It was very cozy, lalo na ang fireplace kung saan may apoy ngayon.

Sa isang sulok ay nakita niya ang aquarium na may lamang nag-iisang isda, si Mildred.

The aroma of brewed coffee filled the room at bigla siyang ginutom.

“May plastic bag ka ba? Isusupot ko sana iyong mga basang damit.”

Noon lang siya napansin ng lalaking kasalukuyang nagsasalin ng kape sa mug.

“Plastic bag?” kunot-noong ulit nito saka siya sinuri ng tingin. “Going somewhere?” taas ang isang kilay na tanong nito.

“Oh, please.” Umikot ang eyeballs niya. “Of course I plan to go home.”

“Really?” Iminuwestra nito ang bintana para ipamukha sa kanya na papadilim na.

“I can find my way down kung ayaw mo akong ihatid man lang.”

“Of course ihahatid kita. Pero hindi kita sasamahan sa kalsada hanggang umaga.”

“Ano’ng ibig mong sabihin?”

“Wala ka nang masasakyan pabalik ng Baguio. Bukas ka na lang bumiyahe.”

“Matutulog ako dito?” Namilog ang kanyang mga mata.

“Hindi kita pinipilit,” walang pakialam na sabi nito.

“You don’t understand, may interview ako bukas ng gabi para sa promotion ko—”

“Oh, come on!” Banas na ang boses ng lalaki, inilagay ang mga kamay nito sa mesa at pagod ang mukhang tumingin sa kanya. “You’ll have to spend the night here whether you like it or not. Huwag mo nang sayangin ang oras sa pagmamatigas! Now, get your wet clothes and put them in the washing machine dahil may dryer naman diyan. While we’re washing your clothes, you may sit down and let’s have this coffee before it gets cold. At kailangan mo na ring magkuwento, from the beginning, please.”

At iyon nga ang ginawa niya. Sinimulan niya sa pamamagitan ng pagkukuwento tungkol sa kanyang ama upang maintindihan nito ang pinagmulan ng gulo.

When she was done, she found him smiling in disbelief.

“Imagine that? I was twenty-two when my father connived with this thing. I was living independently in the States. Ano’ng iniisip niya? Na hindi ko kayang mamili ng aking mapapangasawa?”

“That’s all you can say?” napapantastikuhang sabi niya.

“What else am I supposed to say?”

“Well, hear this. I, for one, wasn’t as calm as you are when I learned about this.”

“Huwag kang mag-alala, matatanda na tayo. Hindi naman ito makakaapekto sa atin. We simply have to fix it. May ideya ka ba kung magkano ang utang ng daddy mo?”

“Makikita siguro iyon sa kasulatang ginawa nila.”

“Don’t worry about it. Kapag nahanap ko ang papeles, you can have it for free.”

“Are you sure? It must be a very big amount, enough para gawing collateral ng Daddy ang lupa’t bahay namin.”

“He’s gone, anyway. Hindi na niya ito mapapakinabangan. At lalong hindi ko ito pag-iinteresanan considering sugal pa ang pinanggalingan nito.”

“Wala ka bang mga kapatid na may karapatan din tungkol sa bagay na ito?”

“Oh, I have two brothers in the States, I’m sure they won’t care. In the first place, ako ang pinili ng tatay ko para sa ’yo.” He smiled again.

“Pag-usapan na lang natin ito kapag nahanap mo na ang mga papeles.”

“Okay,” he shrugged.

Napatitig siya sa mug na hawak.

“Are you okay?” untag ng lalaki.

“Ha?” parang nagulat pang sabi niya. “Yeah. Why?”

“Parang ang layo ng iniisip mo.”

“Hindi ko lang kasi naisip na magiging ganito kadali, kaya naman medyo ninenerbyos ako. On my

way here, ang ine-expect kong makakausap ay ang father mo. I was ready to beg, alam mo ba? Ang lupa't bahay lang ang magsasakatuparan sa pangarap ng kapatid ko.”

“You’ll have it back, as soon as mahanap ko. I’m sure nasa bahay lang iyon sa Baguio. Okay, what do you want to eat?”

Gumawa ito ng spaghetti na siya nilang pinagsaluhan.

Wala silang ibang mapag-usapan kundi ang mga tatay nilang parehong sugarol. His parents separated when he was twelve years old at nag-migrate ang mga ito sa America sa tulong ng lolo't lola nito sa father side din. Naiwan dito sa Pilipinas si Joaquin Mendoza upang i-manage ang family business na exporting of furniture. Kumpara sa daddy ni Ashley, naging masuwerte sa sugal si Joaquin, kaya kahit papaano ay hindi naman nadale ang negosyo nito.

Joaquin died of cardiac arrest four months ago na siyang dahilan para umuwi si Revas at ang mga kapatid nito. Pero nagpaiwan ito para ayusin ang pagbebenta ng negosyong iniwan ng ama.

It didn't seem strange to her na napakakomportable

na nila sa isa't isa. Maybe the fact that their gambling fathers were friends? That in some way they were connected?

“So, what do you do in the States?” tanong niya sa lalaki habang nakaupo sila sa harap ng fireplace at humihigop ng kanilang pangalawang mug ng kape.

“I manage a restaurant.”

“Wow!” He didn't look like a restaurant manager, he looked more like a *GQ* model. “Pinayagan ka nilang mag-leave nang ganito kahaba? Are you sure may trabaho ka pang babalikan doon?”

“I'm sure. Since I own the restaurant.”

“Oh,” aniya na napatangu-tango.

“Oh, yeah.” He laughed and stood up. “You can use my room, dito na lang ako maglalalatag,” anito at pumasok sa kuwarto. Mayamaya lang ay lumabas ito dala ang mga gagamitin sa pagtulog.

Tumayo naman siya. “Puwede ba akong manghiram ng t-shirt mo bilang pantulog ko?”

“Feel free.”

“Thank you. Good night.”

“Good night.”

Walang lingon-likod siyang pumasok ng kuwarto.

Nagising siya ng alas cuatro dahil sa alarm. Mas lalo pa yatang naging malakas ang ulan at hangin ngayon. Pero desidido siyang magising nang maaga para makapaghanda sa pagbaba sa highway. Isinuot niya ang roba upang magtungo sa banyo.

Kahit mamamatay na siya sa ginaw, alam niyang kailangan niyang maligo dahil mahaba-habang biyahe rin ang naghihintay para sa kanya.

Dahan-dahan ang ginawa niyang pagkilos dahil ayaw maistorbo ang lalaking nakatulog sa sahig.

Akmang bubuksan niya ang pinto ng banyo nang biglang matigilan. Narinig niya ang pag-ungol ni Revas. Kunot-noong nilingon niya ito. Nakita niyang nakabaluktot ito sa tinutulugan at nanginginig.

Maingat siyang naglakad palapit dito para masigurong okay lang ang binata. Nanginginig ito dahil natanggal ang kumot.

No, hindi ang kawalan ng kumot ang dahilan. Pero para makasiguro, idinampi niya ang palad sa noo nito at napakagat-labi siya.

Anak ng tokwa! May lagnat ito! At hindi

ordinaryong lagnat dahil masyado itong mainit.

Ashley was struck by the reality na hindi siya makakauwi sa araw na iyon.

Ilang tawag na ni Philip ang hindi niya sinagot at nag-text lang siya rito na papunta pa lamang siya ng Baguio para kausapin si Joaquin Mendoza. Mabuti na lamang at sa Davao nakadestino ngayon ang nobyo, hindi madaling mabisto ang mga pagsisinungaling niya.

Well, nagi-guilty naman siya sa pagsisinungaling, but what was she supposed to say? Idetalye ang lahat dito? Made-drain ang utak niya.

Mangiyak-ngiyak man ay ginawa niya na lang ang mga dapat gawin. Una ay naghanap siya ng medyas para sa tila yelo sa lamig na mga paa ng kanyang pasyente. Kumuha siya ng tubig na ibabanyos sa nag-aapoy naman sa init na itaas na bahagi ng katawan nito. If only she wasn't pissed, she might have appreciated the beautiful body in front of her.

Unang dampi pa lang ng malamig na bimpo sa noo ni Revas, napaungol na kaagad ito sa protesta. Biglang dumilat ang mga mata nito sa gulat at galit na tumingin sa kanya.

“Umayos ka,” naiinis na sabi niya. “Kailangang

mapababa natin ang lagnat mo dahil ayokong mamatay ka dito na ako ang huling kasama mo.”

Napamura ito.

“Huwag mo akong mumurahin, I might lose my job if I don’t get back to work tonight. And I’m no longer counting on my chance of being promoted. Pero iyong trabaho ko man lang sana ang mapanatili ko. Mag-relax ka muna, mamaya ko na ikokontak ang mga dapat ikontak para mag-alaga sa iyo dito.”

Nahanap niya ang cellphone nito ngunit hindi alam ang gagawin. Mangilan-ngilan lang ang number na nakalagay roon. Pero ano ang gagawin niya? Pipili ng numero at i-text na puntahan si Revas dahil may-sakit ito? She could simply stay and take care of him.

And find out na wala na siyang trabaho pagbalik niya ng Manila.

Lord, tulungan N’yo po ako, hindi naman po sa ayokong magkawanggawa pero may responsibilidad po akong iniwan.

Hindi ang Diyos ang sumagot sa kanya kundi ang sarili rin. *Eh, di iwanan mo at kapag namatay iyan tingnan lang natin kung paano mo mababawi ang papeles ng bahay mo!*

Napasabunot siya sa buhok dahil sa inis saka inirapan ang tulog na lalaki. “May nalalaman ka pa kasing hot spring para hindi tayo magkasakit ’tapos ikaw naman pala diyan ang tatamaan!”

“Shut up,” mahinang sabi ng lalaki na kunot-noo. Hindi ito nagdilal ng mga mata pero may malay na.

Pinamulahan siya ng mukha sa di-inasahang pagkakahuli habang naghihimutok. “Totoo naman, eh! Ikaw iyong sanay dito, ikaw pa ang magkakasakit. Hindi mo man lang ako isinaalang-alang.”

“I said shut up, my head is killing me.”

Bigla naman siyang nakaramdam ng awa. “S’an ba ang mga gamot mo dito? Bumangon ka na rin kung kaya mo at magluluto ako ng noodles.”

“Ipagtimpla mo lang ako ng gatas,” anitong pinilit ang sarili na bumangon. “And check all the cabinets. There are medicines somewhere, pero hindi ko matandaan kung saan nakalagay ang mga iyon. Pakitingnan kung may paracetamol.”

Sandali siyang nawala. Nang magbalik ay may dala na siyang tray na naglalaman ng isang basong mainit na gatas, bote ng mineral water, gamot at isang bowl ng noodles kasama ang isang kutsara.

He was still shivering but he managed to go to the couch. “Lumipat ka na lang sa kama mo. Drink your milk at kain ka nang kahit konti lang dito sa noodles before taking paracetamol. Thankfully, hindi pa naman expired.”

He didn’t touch the milk nor the noodles. Uminom lang ito ng gamot at maraming tubig.

“Thank you.”

“I can’t say you are welcome.”

Pinilit uli nitong bumangon para magtungo sa kuwarto. Wala naman siyang nagawa kundi ang alalayan ito.

“Kailangan mong magbihis.”

“I can manage.”

Hindi na siya kumontra o kaya nag-alok na tulungan ito.

“In case mahilo ka, just try not to bump your head into anything hard. Ayokong ma-disable ka nang tuluyan.”

“Your sarcasm is really helpful,” anito at isinara ang pinto.

Tinawagan niya si Julius at sinabi ang tungkol

sa kalagayan ni Revas.

“Just keep the fever down. At obserbahan mo na rin kung may rashes siya o mag-nosebleed na. Uso ang dengue ngayon.”

Kinikilabutang pinatay niya ang cellphone matapos nilang mag-usap. Tiningnan niya uli ang cellphone ng lalaki sa mesa at nagdesisyon kung tatawag ba ng kakilala nito.

I'll check for rashes first, aniya sa isipan.

“Please, I’m sick and weak, have pity and don’t even think of taking advantage of me,” mahinang sabi ni Revas. For the second time, inakala niyang tulog ito kaya naglakas-loob siyang buksan ang butones ng pantulog nito.

“Tanga,” inis na tugon niya na nakaramdam uli ng pagkapahiya. “Hindi kita type. May fiancé ako at malapit na kaming magpakasal. Ambisyoso ka. I was just checking for rashes, just in case nanganganib na pala ang buhay mo.”

“And?” He cocked an eyebrow.

“And it seems hindi ka pa naman tinamaan ng dengue fever. Too bad.”

He chuckled. “Kagabi lang ang bait-bait mong kausap.”

“Kagabi, nanganganib pa lang ang trabaho ko. Eh, ngayon ewan ko lang kung may trabaho pa ako. Kaibigan ko ang boss ko, oo, pero may ibang boss din iyon.” Nasapo niya ang noo sa desperasyon.

“I’m sorry. I’ll talk to your bosses.”

Tinaasan niya ito ng kilay. “Sino ka? Anak ng presidente ng Pilipinas?” She couldn’t help laughing. Sarcastically, of course.

He didn’t seem to mind that she was laughing at him. Subalit tumitig ito sa kanya na dahilan para ma-conscious siya. “Hindi na ako nagtataka kung bakit naisip ng tatay kong ipagkasundo ako sa iyo.”

Natigilan ang dalaga. “Ano’ng ibig mong sabihin?”

He smiled. “You are so damned beautiful...” he said. Ipinikit na nito ang mga mata para matulog.